


Pigilan ang Maternal na Transmisyon ng Hepatitis B




Hepatitis B

Ang Hepatitis B ay impeksyon na nakakahawa. Ang napabayaan at malalang impeksyon na hepatitis B (CHB) ay isang pangunahing sanhi ng cirrhosis at cancer sa atay.



Ang mga sanggol na ipinanganak ng inang may sakit ay kabilang sa High Risk Group

Ang Hepatitis B virus (HBV) ay maaaring mailipat sa pagsilang, mula sa mga ina na may CHB sa kanilang mga sanggol sa pamamagitan ng normal na panganganak o seksyon ng Caesarean. 90% ng mga sanggol na walang anumang hakbang para makaiwas ay maaaring magkaroon ng HBV na pwedeng lumala sa CHB.



Pag-iwas


Bakuna ng Hepatitis B

Sa Hong Kong, ang lahat ng mga sanggol ay makakatanggap ng tatlong dosis ng kurso ng bakuna ng Hepatitis B.



Hepatitis B Immunoglobulin


Ang mga sanggol na ipinanganak ng mga ina na may CHB ay makakatanggap ng karagdagang dosis ng hepatitis B immunoglobulin (HBIG) sa loob ng 24 na oras pagkatapos ng kapanganakan. Ang posibilidad ng pagkakaroon ng CHB sa mga nasabing sanggol ay magiging mas mababa ng 5%. Mas mataas ang peligro sa mga buntis na may mataas na viral load ng HBV na ipinahiwatig ng antas ng HBV DNA sa dugo.



Karagdagang Hakbang sa Pag-iwas

Antiviral na Gamot

Paggamit ng antiviral na gamot na nagsisimula sa pangatlong trimester sa mga ina na may CHB na may mataas na antas ng viral.



Maaaring gawin ang pagsusuri sa dugo upang masukat ang antas ng iyong HBV DNA. Kung ito ay mataas, maaaring isaalang-alang ng mga ina ang paggamit ng tenofovir disoproxil fumarate (TDF), isang antiviral na gamot na maaaring makabuluhang mabawasan ang antas ng viral na HBV at mabawasan sa pinakamababa ang pagkakataon na maihatid ang HBV sa kanilang mga sanggol.


Posibleng mga Epekto ng Antiviral na Gamot

Ang naiulat na hindi pangkaraniwang mga epekto ng TDF ay ang gastrointestinal na pagkabalisa, sakit ng ulo, pagkahilo, pagkapagod, nasopharyngitis, sakit sa likod, hindi pagkakatu-log, pruritus, pantal sa balat at pyrexia.



Walang katibayan upang maipakita na ang paggamit ng antiviral na gamot ay nauugnay sa mas mataas na peligro ng mga komplikasyon ng obstetric o katutubo na anumalya.

Ina na nagpapasuso



Walang katibayan ng paghahatid ng HBV bilang resulta ng pagpapasuso. Bagaman ang TDF ay nasa gatas ng suso sa mababang antas, ipinapahiwatig ng katibayan na ang paggamit ng ina ng TDF ay ligtas para sa mga sanggol na pinapasuso. Samakatuwid, ang pagpapasuso ay hindi dapat maapektuhan.

Kailan Ititigil ang Antiviral na Gamot

Ang mga ina ay mangangailangan ng medikal na pagtatasa sa kasunod na pamamahala ng CHB, kung ipagpapatuloy o ihihinto ang antiviral na gamot pagkatapos ng panganganak.



www.hepatitis.gov.hk

Viral Hepatitis Control Office Special Preventive Programme
Department of Health
January 2021



控制病毒性肝炎辦公室
Viral Hepatitis Control Office



衛生防護中心
Centre for Health Protection



衛生署
Department of Health